2

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**PENRO Marinduque**

DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
06 JAN 20[illegible]
☐ INCOMING ☐ OUTGOING
BY: DATE NO.
TIME:

December 23, 2022

**MEMORANDUM**

| | | |
|---|---|---|
| **FOR** | : | **The Regional Executive Director**<br>DENR, MIMAROPA Region |
| **THRU** | : | **The OIC, ARD for Technical Services** |
| **FROM** | : | **The OIC-PENR Officer** |
| **SUBJECT** | : | **RESOLUTION AND MINUTES OF THE 4TH PAMB EN BANC MEETING OF MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) FOR CY 2022.** |

Respectfully endorsed are the resolution and the corresponding minutes of the 4th Protected Area Management Board (PAMB) En Banc meeting of the Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) conducted on December 13, 2022 at the PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Bangbangalon, Boac, Marinduque.

For information, evaluation and approval.

"For and in the absence of the PENR Officer"

**SIMEON R. DIAZ**
Chief, Regulation and Permitting Section
In-charge, Office of the PENR Officer

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**PENRO Marinduque**

PENRO MARINDUQUE
PAMO
131 DEC 23 2022 11:05AH
RECEIVED

December 19, 2022

**MEMORANDUM**

**FOR** : **The OIC, PENR Officer**
Boac, Marinduque

**FROM** : **The Protected Area Superintendent**
Marinduque Wildlife Sanctuary

**SUBJECT** : **RESOLUTION AND MINUTES OF THE 4TH PAMB EN BANC MEETING OF MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) FOR CY 2022**

We are respectfully submitting the resolution and the corresponding minutes of the 4th Protected Area Management Board (PAMB) En Banc meeting of the Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) conducted on December 13, 2022 at the PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Bangbangalon, Boac, Marinduque, to wit:

| Resolutions No. | Title |
|---|---|
| 2022-008 dated December 13, 2022 | **"RESOLUSYON UPANG KILALANIN AT PAGTIBAYIN NG KAPULUNGAN O PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) ANG PROPOSED WORK AND FINANCIAL PLAN NG PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE (PAMO) PARA SA TAONG 2023** |

For information, evaluation, and approval.

**EMETERIO M. RECTO**

Capitol Compound, Barangay Bangbangalon, Boac, Marinduque
Telephone Nos.: (042) 332-1490/(042) 332-0727/(042) 332-0927/(042) 332-1913
Website: https://penromarinduque.gov.ph/
Email: penromarinduque@denr.gov.ph

# KATITIKAN NG IKAAPAT AT HULING REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (*PAMB*) EN BANC NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA–13 NG DISYEMBRE, 2022 SA PENRO CONFERENCE HALL, CAPITOL COMPOUND, BANGBANGALON, BOAC, MARINDUQUE

| PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|

**MGA DUMALO:**

| | PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|---|
| *1.* | Kgg. Lidany A. Baldo | Vice-Mayor, Gasan, Marinduqe *(Presiding Officer)* |
| *2.* | For. Imelda M. Diaz | OIC-PENR Officer, PENRO Marinduque *(Rep.)* |
| 3. | G. Joan L. Mercene | District Staff, House of Representatives *(Rep.)* |
| *4.* | Dante L. De Luna | Economist II, PG-ENR Officer *(Rep. of Gov. Presbitero J. Velasco)* |
| 5. | G. Melvin M. Vitto | MENRO, LGU-Buenavista *(Representative)* |
| 6. | Engr. Eugenia DL. Cruzado | MPDC, LGU-Torrijos *(Permanent Alternate)* |
| 7. | Kgg. Enrique P. Landig | Punong Barangay, Balagasan, Boac |
| 8. | Kgg. Rolando P. Sapallo | Punong Barangay, Duyay, Boac |
| 9. | Kgg. Reynaldo P. Lingon | Punong Barangay, Hinapulan, Boac |
| 10. | Kgg. Benjamin M. Larga | Punong Barangay, Tugos, Boac |
| 11. | Kgg. Lorna M. Jimena | Punong Barangay, Tumagabok, Boac |
| 12. | Kgg. Restituto L. Pabalat | Punong Barangay, Malbog, Buenavista |
| 13. | Kgg. Dante M. Marinduque | Punong Barangay, Sihi, Buenavista |
| 14. | Kgg. Delfin R. Fellizar | Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz |
| 15. | Kgg. Teodoro R. Ramos | Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz |
| 16. | Kgg. Sabino R. Rojo | Punong Barangay, Malibago, Torrijos |
| 17. | Kgg. Reden G. Fidelino | Punong Barangay, Sibuyao, Torrijos |
| 18. | Kgg. Fidel N. Osmillo, Jr. | Barangay Kagawad, Bayuti, Boac *(Rep.)* |
| *19.* | Kgg. Lito M. Montiano | Barangay Kagawad, Binunga, Boac *(Rep.)* |
| *20.* | Kgg. Mylin N. Opis | Barangay Kagawad, Tambunan, Boac *(Rep.)* |
| *21.* | Kgg. Edsel M. Basco | Barangay Kagawad, Tabionan, Gasan *(Rep.)* |
| 22. | Kgg. Alejandro Napigkit | Barangay Kagawad, Antipolo, Gasan *(Rep.)* |
| *23.* | Dr. Doreen R. Mascareňas | Assoc. Professor III, MSC (Academe) |
| *24.* | Gng. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC (NGO) |
| *25.* | G. Romeo M. Davalos | SWMPO, LGU-Boac *(Representative)* |
| *26.* | PLTCOL Elmer L. Manalo | C, PCADU, PCO, Marinduque PPO *(Rep.)* |

**MGA HINDI DUMALO:**

| | PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|---|
| 1. | Kgg. Marisa R. Red | Punong Bayan, Santa Cruz, Marinduque |
| 2. | Kgg. Crisostromo N. Monterey | Punong Barangay, Boi, Boac |
| 3. | Kgg. Alex N. Montiano | Punong Barangay, Canat, Boac |
| 4. | Kgg. Mario C. Francisco II | Punong Barangay, Bagtingon, Buenavista |
| 5. | Kgg. Jose O. Sapungan | Punong Barangay, Tiguion, Gasan |
| 6. | Kgg. Aristeo R. Rodil | Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz |
| 7. | Kgg. Bernardo P. Pastoral | Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz |
| 8. | Kgg. Jessie R. Peralta | Punong Barangay, Nangka, Torrijos |
| 9. | PD Bernardo T. Caringal | Prov'l Science & Technology Director, DOST |
| 10. | G. Rolinio S. Sajul | Chairman, Malbog Upland Farmer's Assoc. (PO) |

| | | |
|---|---|---|
| 11. | G. Gerardo M. Jamilla | Sr. Tourism Operations Officer, DOT Marinduque |

**MGA IBA PANG DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Emeterio M. Recto | Sr. ECOMS/Protected Area Superintendent-MWS |
| 2. | Alvin L. Pergis | Ecosystems Management Specialist II, PAMO-MWS |
| 3. | Niña Jane L. Mendoza | EMS I, PAMO-MWS (COS) |
| 4. | Sherwin M. Milaya | Technical Support Staff/IT, PAMO-MWS (COS) |
| 5. | Rachel Ann V. Guanzon | Technical Support Staff, PAMO-MWS (COS) |
| 6. | Ericka Q. Roldan | Park Ranger, PAMO-MWS (COS) |
| 7. | Regie C. Patulot | Park Ranger, PAMO-MWS (COS) |
| 8. | Arnolfo M. Lazo, Jr. | Forest Protection Officer, PAMO-MWS (COS) |
| 9. | G. Richard P. Saet | Designated MENRO, LGU-Torrijos *(Representative)* |
| 10. | G. Allen Ablang | Staff, DENR - MIMAROPA Region *(via zoom)* |
| 11. | Engr. Glenn P. Decena | Engr. II, DPWH-Marinduque |

## I. PAGBUBUKAS NG PROGRAMA

Ang ikaapat at huling regular na pagpupulong ng mga kasapi ng *Protected Area Management Board (PAMB)* ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) para sa taong 2022 ay isinagawa sa pamamagitan ng *face-to-face* at *zoom* na ginanap sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Bangbangalon, Boac, Marinduque. Ito ay sinimulan sa pamamagitan ng isang panalangin at sinundan ng sama-samang pag-awit ng Lupang Hinirang gamit ang *Audio-Visual Presentation (AVP)*.

Sa pagpapatuloy ng programa, si PENR Officer Imelda M. Diaz ang nagbigay ng pagtanggap na pananalita na kung saan ay ipinaabot niya ang kaniyang mainit na pagbati at pasasalamat sa lahat ng nagsipagdalong mga kasapi ng Marinduque Wildlife Sanctuary- Protected Area Management Board (MWS-PAMB) sa pangunguna ni RED Lormelyn E. Claudio. Ipinaabot din niyang pinahahalagahan niya at kinikilala ang patuloy na suporta ng mga kasapi ng PAMB. Inaasahan din niya ang isang makabuluhan at produktibong araw at ang lahat ng mga paksang mapag-uusapan ay mabibigyan ng tugon.

Si Vice-Mayor Lidany A. Baldo buhat sa ng Bayan ng Gasan ang naatasang magbigay ng *inspirational message*. Bago siya dumako sa kanyang mensahe ay ipinaabot niya sa kapulungan ang kanyang mainit na pagbati sa lahat ng dumalo sa gagawing pagpupulong sa pangunguna ni PENR Officer Imelda M. Diaz. Ayon sa kanya, siya'y nagpapasalamat sa kapulungan sapagkat nakadalo siya ng ikaapat at huling pagpupulong ng MWS-PAMB para sa taong ito. Aniya, gaya ng tinuran sa kanya ni Kgwd. Alejandro Napigkit, ang MWS ay *well protected* at dahil dito ay dapat aniyang *supportive* ang bawat LGUs na nasasaklawan ng *protected area.* Ayon pa sa kanya, ang MWS ay mayroong mataas na potensyal para sa *ecotourism as economic enterprise*. Hiniling din niya sa kapulungan na maidagdag sa mga kasapi ng PAMB ang mga Vice-Mayor.

## II. PAGPUPULONG NG PAMB

### A. <u>Panimula ng pagpupulong</u>

Ang regular na pagpupulong ng *Protected Area Management Board (PAMB)* ng *Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS)* ay pinasimulan sa pangunguna ni Ericka Q. Roldan, PAMO Staff sa ganap na ika-10:35 ng umaga.

Bago ang pagpapatuloy ng ginaganap na pagpupulong ay binati at ipinakilala ni PASu Emeterio M. Recto ang kinatawan buhat sa Regional Office na naka-*join* sa *zoom.*

Sa kadahilanang hindi nakadalo ang *Chairperson* ng PAMB, at batay na rin sa umiiral na alituntunin at kasunduan ng pamunuan, ang kapulungan ay nagsagawa ng pagpili ng magiging Pansamantalang Tagapangulo mula sa hanay nang nagsipagdalong kasapi. Si Vice-Mayor Lidany A. Baldo, Pangalawang Punong-Bayan ng LGU Gasan, ang nahirang na maging Pansamantalang Tagapangulo *(Presiding Officer)* ng isinagawang pagpupulong.

Malugod naman niyang tinanggap ang kahilingan at bilang panimula ay binasa niya sa kapulungan ang magiging daloy ng pagpupulong.

**B. Pagtitiyak ng Korum**

Ang korum ay tiniyak ni PASu Emeterio M. Recto, Kalihim ng PAMB sa pamamagitan ng pagtawag ng pangalan ng mga nagsipagdalong kasapi ng MWS-PAMB.

**C. Pagbabasa/pagsusuri ng katitikan ng nakaraang pagpupulong**

Iminungkahi ng tumatayong Pansamantalang Tagapangulo na basahin na lamang nang tahimik ang nakaraang katitikan ng pagpupulong ng PAMB na ginanap noong ika-14 ng Setyembre, 2022 sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Barangay Bangbangalon, Boac, Marinduque at gawin ang pagtatama nito sa bawat pahina na sinang-ayunan naman ng nakararami.

Ang Tagapangulo ay nagsimula ng pagtatanong sa kapulungan para sa kanilang mga obserbasyon o komento sa nakaraang katitikan ng pagpupulong ng PAMB na dapat baguhin o iwasto.

***Ang naging puna:***

Sa *pahina 9*, *linya 442* ay malugod na iminungkahi ni G. Richard P. Saet ang pagwawasto sa baybay ng salitang ***"advice"***. Sa pareho ding pahina, *linya 454* ay iminungkahi din ni Kgg. Benjamin M. Larga ang pagwawasto sa baybay ng kaniyang apelyido.

Sa pahina 10, *linya 479* ay malugod na iminungkahi ni G. Saet ang pagwawasto sa baybay ng salitang "***Satellite"***. Sa parehong panina, *linya 487* ay malugod ding iminungkahi ni G. Romeo Davalos na mas angkop gamitin ang salitang ***"knives"*** sa pangungusap. Gayundin sa *linya 488*, iminungkahi muli ni G. Saet ang pagwawasto sa baybay ng salitang ***"pagdadala".***

Sa *Pahina 12*, linya 579 ay malugod ring iminungkahi ni Kgg. Benjamin M. Larga ang pagdaragdag ng salitang ***"economic"*** *(economic enterprise)* sa panungusap at sa baybay ng salitang ***"lalo".***

Ang Pansamantalang Tagapangulo ay muling nagkaroon ng pagtatanong sa mga kasapi ng PAMB para sa iba pang obserbasyon o komento sa nakaraang katitikan na dapat pang baguhin.

Sapagka't wala ng nakikitang puna na dapat pang iwasto o baguhin sa nakaraang katitikan kung kaya't ito'y iminungkahi niyang pagtibayin.

**D. Pagpapatibay sa nakaraang katitikan**

Naghain ng mosyon si Engr. Eugenia DL. Cruzado upang pagtibayin ang katitikan ng nakaraang pagpupulong ng PAMB nang may pagwawasto na pinangalawahan ni Kgg. Benjamin M. Larga at sinang-ayunan ng nakararami.

**E. <u>Pagpapatibay sa mga paksang pag-uusapan/tatalakayin</u>**

Binasa ng Tagapangulo ang hanay ng mga paksang pag-uusapan at para sa pagpapatibay nito, naghain ng mosyon si MENRO Melvin M. Vitto upang pagtibayin ang hanay ng mga paksang pag-uusapan na pinangalawahan ni Engr. Eugenia DL. Cruzado at sinang-ayunan ng nakararami.

**E. <u>Pagtatalakay sa mga paksang hindi natapos mula sa nakaraang katitikan</u>**

Bago ang pagtatalakay ng mga paksang nakahanay na pag-usapan ay iminungkahi din ni MENRO Melvin M. Vitto na balikan muna ang mga isyu o mga paksang hindi natapos mula sa nagdaang pagpupulong.

Sapagka't wala namang isyu o usapin na kailangang pang pag-usapan sa nakaraang katitikan ng pagpupulong kung kaya't ang kapulungan ay nagpatuloy sa pagpupulong

**F. <u>Pagtatalakay sa mga paksang pinagtibay na pag-usapan</u>**

***1. Protected Area Management Office (PAMO) Accomplishment for the Fourth Quarter CY 2022***

Sa panimula ay binati ni PASu Emeterio M. Recto ang kapulungan bago dumako sa pagtatalakay niya sa naging *accomplishment* ng Protected Area Management Office (PAMO) para sa Second Semester ng taong ito. Ayon sa kanya, mapalad ang bawat isa sa pagdalo ni Vice-Mayor Lidany A. Baldo na siya ring tagapanguna ng pagpupulong.

Para sa kaalaman ng lahat, ipinagbigay-alam ni PASu Recto na ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) ay naideklarang protected area sa pamamagitan ng ***Presidential Proclamation No. 696*** na may petsang ***August 17, 2004*** alinsunod sa Republic Act 7586 o ang *National Integrated Protected Area System (NIPAS) Act of 1992*. Ayon pa sa kanya, ito ay may dating sukat na aabot sa 8,827.96 ektarya at binubuo ng dalawang parsela. Ang unang parsela o ang tinatawag na Balagbag Mountain Ranges ay may kabuuang sukat na 5,597.60 habang ang ikalawa o mas kilalang Central Marinduque Mountain Ranges ay may sukat na 3,230.30 ektarya. Gayon man, noong mapabilang ito sa mga legislated protected area sa bansa, alinsunod sa pinagtibay na Republic Act 11038 o ang Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS Act of 2018) ang MWS ay lumawak ang saklaw na may sukat na 9,758.71 ektarya.

Kanya ring ipinakita ang Mapa kung saan naka-*project* ang dalawang parsela ng MWS at ang *zoning* nito na binubuo ng *Multiple-Use Zone* (MUZ) at *Strict Protection Zone (SPZ)*. Kasunod niyang inilahad ang *administrative jurisdiction* ng MWS kung saan matutunghayan ang limang munisipyo at 23 barangays na bumubuo rito.

***a. Demarcation of boundaries for legislated PA***

Ayon kay PASu Recto, ngayong taon ay may dalawang (2) target na magawa ang PAMO sa ilalim ng proyektong *demarcation.* Ito ay ang paglalagay ng 43 *monuments/corners* sa hangganan ng MWS at ang paglalagay ng 283 *signages* sa mga istratehiyang lugar. Ngayong taon, ang target na 43 *monuments* ay nakumpleto na ng kontraktor noong March 22, 2022 at sa kabuuan ay 408 *monuments* na ang nailagay sa mga hangganan ng MWS (2020-2022). Gayundin, ang *fabrication* at *installation* ng 283 *signages* ay nakumpleto na rin ng kontraktor noong July 2022. Kasunod niyang ipinakita ang mga kuhang larawan ng

mga muhon at signages kasama ang naging inspeksyon ng PENRO *Technical Inspection Committee* (TIC) katuwang ang PAMO Staff/personnel.

***b. Maintenance of Monuments (365 monuments installled)***

Ayon kay PASu Resto, ang pagpapanatili at pangangalaga sa mga nailagay na mga muhon at signages ay regular na ginagawa ng Protected Area Management Office (PAMO) *field personnel.*

***c. Protected Area Habitat Protection***

Base sa ulat ni PASu Recto, ngayong taon ay dalawang (2) Biodiversity Management System (BMS) ang target na magawa ng PAMO. Ang ikalawang BMS sa taong ito ay naisagawa noong August 11-12, 2022 sa Sityo Tawang, Brgy. Tambangan, Santa Cruz Marinduque. Katuwang sa pagsasagawa nito ang mga kinatawan na buhat sa PG-ENR Office, miyembro ng Tawang Upland Farmers Association (TUFA) at Local Government Unit ng Barangay Tambangan at Masalukot, Santa Cruz, Marinduque.

Kasunod niyang ipinakita ang mga kuhang larawan sa pagsasagawa ng *Focus Group Discussion (FGD), Transect Walk/Count* at *Photodoumentation.*

***d. Communication, Education and Public Awareness (CEPA)***

Para sa taong ito, ang PAMO ay may target para sa paggagawa ng 3-5 minutes *Audio Visual Presentation (AVP,* isang (1) *species booklet* at *150 pirasong pamphlet* na ipamamahagi sa *protected area stakeholders.*

Para naman sa update/status nito, sinabi ni PASu Recto na natapos na ito ng PAMO at naisumite na ang kopya ng CEPA *materials* sa *Regional Office.*

***e. PAMB Operationalization***

*e.1. Capacity Building*

Ngayong taon ay target din ng PAMO ang pagkakaroon ng *Training Needs Assessment (TNA)* upang tukuyin kung anong uri ba ng pagsasanay ang kinakailangang maibigay sa mga kasapi ng PAMB at mga tauhan ng PAMO. Ito ay nagawa na rin at naisumite na sa *Regional Office* ang naging resulta ng isinagawang TNA *assessment.*

*e.2. Regular PAMB meeting*

Sinabi ni PASu Recto na, ang pagpupulong ng PAMB ay ginagawa *quarterly* o apat na beses sa looban ng isang taon. Ayon sa kanya, ang unang pagpupulong ng PAMB ay naisagawa noong ika-3 ng Marso taong 2022 sa Dewey Hotel & Restaurant, Barangay Maharlika, Sta. Cruz, Marinduque na kung saan ay nakapagpatibay ang MWS-PAMB ng tatlong (3) resolusyon.

Ang ikalawang pagpupulong naman ng PAMB ay ginanap noong ika-24 ng Hunyo sa PENRO Conference Hall, Capitol Compund, Bangbangalon, Boac, Marinduque na kung saan ay nakapagpatibay ang MWS-PAMB ng dalawang (2) resolusyon. Ipinaabot din ni PASu Recto ang kanyang pasasalamat kay RED Lormelyn E. Claudio sa mabilis na paglagda sa mga isinusumiting resolusyon ng MWS PAMB.

Ang ikatlong regular na pagpupulong naman ng PAMB ay ginanap noong ika-14 ng Setyembre sa PENRO Conference Hall, Capitol Compund, Bangbangalon, Boac, Marinduque na kung saan ay nakapagpatibay ang MWS-PAMB ng dalawang (2) resolusyon.

### *f. PAMO Operationalization*

Ayon kay PASu Recto, sa kasalukuyan ay mayroong 21 Contract of Service (COS) ang PAMO na binubuo ng isang (1) *EMS I,* walong (8) *Park Rangers (PRs),* pitong (7) *Biodiversity Protection Assistants (BPAs),* dalawang (2) *Forest Protection Officers (FPOs),* isang (1) *Caretaker,* isang (1) *Technical Support Staff* at isang (1) *Data Encoder.*

### *g. Ecotourism Program*

*g.1 Maintenance of PAMO & Ecotourism Facilities*

Ayon kay PASu Recto, ang pagpapanatili at pangangalaga ng mga pasilidad at inprastraktura ay regular ding ginagawa ng PAMO at mayroon itong *quarterly report* na regular na isinusumite sa Regional Office.

Sa kanyang pagpapatuloy ay sinabi niyang tuloy-tuloy ang programang may kaugnayan sa turismo at bago muling buksan ang MWS sa publiko ay nagkaroon muna ng pagpupulong sa mga *ecoguides* upang ihanda sila sa pag-aasikaso ng mga bisita. Nagkaroon din ang PAMO ng *public advisory* na may petsang Abril 12, 2022 upang ipabatid sa publiko na bukas na ang MWS at tumatanggap ng muli ng mga bisita bagaman`t *day tour* pa lamang ito dahil pa rin sa banta ng pandemya. Ayon din sa kanya, ang bahagi naman ng Balagbag partikular sa Barangay Malibago, Torrijos ay binuksan na sa publiko noong Hulyo 11, 2022.

### *h. Integrated Protected Area Fund (IPAF)*

Ipinagbigay-alam ni PASu Recto sa kapulungan na mayroong humigit-kumulang Php. 8,000.00 na *income* ang MWS *as of* December 9, 2022 ay. Aniya, ang *projected income* na dapat makolekta sa pagpapatupad ng turismo para sa taong ito ay nagkakahalaga ng Php. 50,000.00. Ipinagbigay-alam din niya sa kapulungan na mayroon *pending request* ang PAMO sa *Biodiversity Management Bureau (BMB)* upang maibaba sa php. 25,000.00 ang target.

### *i. Inventory of Alienable and Disposable Land (A&D), property and private rights*

Ayon kay PASu Recto, ngayong taon ay target din ang PAMO ang tungkol sa imbentaryo ng *Alienable & Disposable Land (A&D), property and private rights* sa loob ng protected area. Layunin aniya nitong alamin ang bilang ng naiisyung *Certificate of Land Ownership Award (CLOAs)* ng Department of Agrarian Reform (DAR) at iba pang tituladong lupa na nakapaloob sa *cadastral records* ng opisina na nasaklawan ng MWS. Bukod dito, nagsagawa din ang PAMO ng koordinasyon sa mga Barangay na napabilang sa bahagi ng MWS na kinapalooban ng A&D *lots* at patuloy ang pakikipag-ugnayan sa ahensya ng Department of Agrarian Reform (DAR). Sa kasalukuyan, ay natapos na ito ng PAMO at naisumite na ang *final report* sa Regional Office.

### *j. Lawin Forest and Biodiversity Protection System*

Ang proyektong ito ayon kay PASu Recto ay isinasagawa sa una at ikalawang linggo ng bawat buwan sa *designated conservation areas* na saklaw ng *protected area.* Maliban dito, ang regular na *monitoring* at *patrolling* ay patuloy ding ginagawa upang matiyak ang maayos na kalagayan ng *protected*

*area.* Sa kasalukuyan ay mayroon ng 283.31 kilometrong distansyang napatrolyahan ang mga *Lawin patrollers* ng PAMO na bahagi ng *conservation areas* na saklaw ng MWS. Aniya sa bawat buwan ay mayroong 20 kilometrong target ang PAMO para sa pagsasagawa ng LAWIN.

### 2. *Protected Area Management Office (PAMO) programs/activities/projects for CY 2023*

#### *a. Monitoring of Socio-Economic Assessment and Monitoring System (SEAMS)*

Ayon kay PASu Emeterio M. Recto, layunin ng programang ito na alamin kung mayroon bang *improvement* ang mga natukoy na *tenured migrants* sa lugar na kanilang pinamomosisyunan ng hindi nagkaroon ng paglalawak at kung talagang may *development* na ginawa sa lugar na kanilang pinasukat noong 2016-2017.

#### *b. Biodiveristy Monitoring System (BMS)*

Ayon kay PASu Recto, ang lokasyon kung saan regular na ginagawa ang *Biodiversity Monitoring System (BMS)* ay ang 2 kilometrong *transect line* na naitatag sa Barangay Tambangan patungong Tumagabok, Boac. Ang programang ito ay may nakalaang pondong Php. 250,000.00 at regular na ginagawa at *joint effort* ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)*, PG-ENR Office, Academe (MSC) at Local Government Unit (LGU) barangay at munisipyo. Bahagi rin ng programang ito ang *Focus Group Discussion (FGD)* kung saan pinupulong ang organisadong C*ommunity Monitoring Group (CMG)* upang kumustahin sa kanila ang kalalagayan ng *protected area.* Maganda naman ang naging resulta nito sapagkat ang mga tao ay tumataas na ang kaalaman tungkol sa mga batas na pinaiiral sa loob ng *protected area.*

#### *b. Communication, Education and Public Awareness (CEPA)*

Para sa taong ito, ang PAMO ay may target muli sa paggagawa ng *communication plan* at *installation of signages* at ang programang ito ay may kaukulang pondo na nagkakahalaga ng Php. 340,000.00.

#### *d. Protected Area Management Office (PAMO) Operationalization*

*a. Capacity Building*

Ayon kay PASu Recto, mayroong *Capacity Building* na gagawin base sa naging resulta ng *Training Needs Assessment* na ginawa sa taong ito. *Refresher course* o *review* ng mga polisiya sa *Expanded National Integrated Protected Area System Act (ENIPAS) Act* na kung saan ang mga magiging *participants* ay mga kasapi ng PAMB, PAMO Staff at ilang LGU. Ito ay may *allotment* na Php. 420,000.00 kung saan tatlong araw na pagsasanay ang gagawin.

*b. PAMB meeting*

Bahagi din ng programang ito ang *regular quarterly Protected Area Manaagement Board (PAMB)* ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) En Banc *meeting.*

#### *e. Ecotourism Development Program*

Ayon kay PASu Recto, matutunghayan sa kanyang naunang pag-uulat na ang PAMO ay mayroong mga *infrastructures* na pinapanatili sa loob ng *protected area* tulad ng PAMO Building, *Ecotourism Information Center, Multi-purpose Hall, Viewing Decks, Ranger Stations* at *Satellite Office.* Ang programang ito ay may kaukulang *allotment* na Php. 420,000.00 para sa buong taon.

***f. Management of Integrated Protected Area Fund (IPAF)***

Ayon kay PASu Recto, nanatili sa Php. 50,000.00 ang *target income* na makolekta ng PAMO mula sa mga bayarin ng mga bisitang nagtutungo sa MWS *ecotourism sites*. Ayon din sa kanya, bagaman at mayroong *pending request* ang PAMO sa *Biodiversity Management Bureau (BMB)* ay hindi pa ito tinutugon ng hanggang sa kasalukuyan. Ang programang ito ay walang kaukulang *allotment* kundi ang *income* o *collection* na ibabayad ng turista kung sila ay magtutungo sa MWS.

***g. Maintenance of Signages & Demarcated Corners***

Ayon kay PASu Recto, ang programang ito ay isasagawa ng mga Park Rangers at Biodiversity Protection Assistant (BPAs) ng PAMO kasabay sa pagasagawa nila ng regular na *patrolling* at *monitoring* sa loob ng *protected area.* Wala umano itong *allotment* para sa taong ito sapagkat naka-*ride on* na ito sa *regular targets* ng PAMO. Kung mayroong nawala o nakitang nasira ay papalitan ito ng PAMO.

***h. Lawin Forest and Biodiversity Protection System***

Regular na *patrolling* ang gawain dito ayon kay PASu Recto, kung saan ang PAMO ay mayroong dalawang *team* na mayroong 20 kilometrong *target (distance patrolled*) sa loob ng *conservation area*s o *protected area.*

3. ***Proposed road development project by the DPWH at Barangay Malibago, Torrijos going to Mainit, Boac***

Sa pagsisimula ay sinabi ni Engr. Glenn P. Decena, Engineer II at kinatawan ng *Department of Public Works and Higways (DPWH)* Marinduque na ngayong taon sa paglabas ng *National Expenditures Program (NEP)* ay mayroong napasamang proyektong *"Opening of Road from barangay Mainit, Boac to Malibago, Torrijos".*

Sa kanyang pagpapaliwanag ay natumbok ng proyekto ang gitnang bahagi o *ridge* ng protect*ed area.* Isinangguni aniya nila ito sa Tanggapan ng DENR o ang PENRO Marinduque na kung saan ay naipaliwanag naman sa kanila na *highly protected area* at bahagi na ito ng tinatawag na *Strict Protection Zone* o *Core Zone.*

Sinabi rin ni MENRO Melvin M. Vitto na bukod dito, ay sa bahagi ding iyon ng *protected area* matatagpuan ang tinatawag na *Central Marinduque Fault* kung kaya't napaka delikado ng proyekto.

Sa pagpapatuloy ni Engr. Decena, sinabi niyang ang panukalang proyekto ay mayroong apat na bahagi o ang Phase 1 at 2 sa barangay Malibago at Phase 1 at 2 sa Mainit, Boac na nagkakahalaga ng humigit kumulang Php. 400,000,000.00.

Ayon pa kay Engr. Decena, sa kanilang pagsusurvey at koordinasyon sa DENR ay natiyak nilang hindi talaga ito makararating sa gitnang bahagi ng Balagbag. Idinagdag pa niya na ang nakita umano rito na mayroong mataas na potensyal para sa turismo ay ang itaas o ibabaw na bahagi ng Balagbag. Sa kasalukuyan, ipinagbigay-alam niya sa kapulungan na iyong Phase 1 at 2 ng Mainit, Boac at Malibago, Torrijos ay napagkasunduan na hindi na patatagusin sa magkabilang bahagi o dulo ng *protected area* dahil pinapatigil na nila ang *continuation* ng proyekto kung kaya't hindi na rin nahagip ang bahagi ng *protected area* o MWS.

Ang isa umanong *advantage* ng nasabing proyekto na kanyang inilahad ay hindi na kailangan pang maglakad ng malayo upang makarating sa MWS. Bahagi ng *tourism activities* sa lugar ay pupwedeng ihatid na ng sasakyan hanggang doon sa ibaba ng *protected area* at doon na magsisimula ang *hiking/treking* ng turista. Mas marami umanong magha-*hiking* dahil doon pa lamang sa dulo ng *project* na

kalsada sa lugar ay nadoon na ang magandang *camping site*. Kaya lamang ang isang *alignment* nito ay doon sana sisimulan ang kalsada sa may Barangay Sihi, Buenavista sa mga taniman kaya lamang ay tatamaan na kaagad iyong *grassland.* Sa Mainit, Boac naman pagdating sa *alignment*, sinabi niyang dalawang *project* ito na dapat magsisimula doon sa Mainit *proper* at aakyat ito patungo sa Balagbag. Kaya lamang, iyong *area* ay may muhon na kaya hindi na din ito tatagos doon kung kaya hanggang dito na lamang sa ibaba iyong pangalawang *project* at ang unang *project* ay magsisimula sa may ilog na. May *proposal* ding kasunod na simula Barangay Bantay papuntang Sityo Dili, to Mainit, Boac. Hindi aniya *cover* ng *project* ang tulay dahil halos Php. 200,000,000.00 milyon ang *cost* nito kapag ginawa. May *phase* 1 ito na Php. 100,000,000.00 milyon na tinira iyong *space* na para sa *approach* ng tulay at doon na magsisimula ang *project* na nire-*represent* ng *Red Lines* sa kanyang *presentation*, *after* ng *Red lines* ay aangat ito papuntang entrada ng Balagbag. Ganun pa din aniya ang *purpose* nito upang hindi na maglakad ng malayo ang mga pupunta sa Balagbag. Pagdating naman sa nasasaklawan ng *protected area*, ang DENR na ang bahala at pupwede silang magkaroon ng mga *shed* at kung ano pang *infrastructures* sa lugar na magagamit sa *orientation* ng mga bisita. Pwedeng magsimula ang *hiking* sa barangay Malibago, Torrijos at lalabas sa Mainit, Boac. Isa pa ring *advantage* ng kalsada sa Mainit ay lalabas ito sa Balimbing, Bantay at kakanan sa Sityo Dili at tatawid ng ilog, ang kulang na lamang aniya dito ay ang tatawiran sa ilog kapag napondohan ngayon ang tulay na magkakabit sa ilog ay doon na dadaan papunta sa paanan ng Balagbag *Ridge* sa Mainit, Boac. Kun lalabas aniya ang *General Appropriation Act (GAA)* ay mai-*implement* nila ang proyektong ito.

Naitanong naman ni Kgg. Benjamin M. Larga kung ilang kilometro ba ang pinag-uusapang kalsada at anu-anong mga Barangay ang makikinabang sa kalsadang ito ay kung mayroon bang komunidad na maseserbisyuhan nito.

Ayon kay Engr. Decena ang nasa barangay Malibago, Torrijos ay may habang 4-5 kilometro at ito ang una rin nilang kinonsider dahil kailangan kapag nilagay ang kalsada ay dapat ding mayroong makikinabang. Ito umano ang naging unang konsiderasyon ng DPWH sa barangay Malibago, Torrijos base na rin sa pakikipag-ugnayan sa Punong Barangay at gayundin sa Mainit, Boac. Mayroon din aniyang mga patay na lugar na kung magkakaroon ng kalsada ay tataas na ang *value* ng lupa at magkakaroon ng mga *development.* Sa panig ng DPWH, ay sinabi niyang hindi naman sila gumagawa ng proyektong makakasira sa kalikaasan. May mga pagkakataon lamang aniya talaga na may mga nasasakripisyo pero sa kabila nito ay mayroon namang magandang naiidulot ito subalit dapat umanong mas lamang ang benipisyo para sa ikagaganda kaysa doon sa kasiraan. Ginawan na lamang aniya nila ng paraan kung paano maiipasok ang *project in case* na lumabas ang GAA for 2023.

Ayon naman sa kinatawan ng *Marinduque Council for Environmental Concern (MACEC)* na si Gng. Elizabeth E. Manggol, ang Mainit to Malibago ay mayroon umanong resolusyon ng barangay at ang MACEC *chapter* bilang pagtutol sa panukalang proyekto o kalsada dahil mayroong mga *watershed* na maaapektuhan at iyong mismong *hot spring* nila ay tatamaan. Dahil dito, hiniling niya kay Engr. Decena na masagot na rin ang isyu upang mabigyan na rin ng linaw.

Sinabi naman ni Engr. Decena na gaya ng kanyang naunang sinabi, ang *project* ay ginagawa para sa ikagaganda at ikakabubuti ng mamamayan o sa serbisyo nito. Tungkol naman sa *watershed, opening* aniya iyong *project* na nangangahulugan na nasa *adjustment* pa. Kung may *watershed* at *hot sp*ring sa lugar ay hindi naman umano ito padadaanan ng kalsada sapagkat *adjustable* aniya ang kanilang proyekto. Kapag nag-iimplement na ng *project,* kung ano ang nasa plano at *preliminary*, pagdating ng *actual construction* at ginagawa na ang *project* ay magkakaroon pa rin ng mga *adjustment*. Gayundin, kung may isang *area* na may kinakailangang ilagay gaya ng *water supply* na masisira o kailangang palitan upang mapabuti pa iyong *water supply* ay gagawin umano nila ito. Mas ii-*improve* ito at ibibigay kung ano ang nararapat na serbisyo ng *project* at hindi upang makapaminsala. Kung makapamiminsala ito at masisira ang *watershed* ay wala silang karapatan na ipagpatuloy pa ang proyekto. Kahit nasa GAA na ito kung talagang makakasira ito ng kalikasan ay ibabalik na lamang nila ang pondo at hindi na ito i-*implement.* Gayun man, kung nandito at dumating na ang *budget,* bilang *planner* ay gagawa at gagawa sila ng paraan

upang maisagawa ang *project* na hind naman makaaapekto sa mamamayan lalo't higit sa kalikasan. Sila umano ay nagpropose lamang ng *project* bahagi ng kanilang trabaho at iyong nasa NEP. Pagdating ng GAA nito ay may konsultasyon pa na gagawin at hindi ito nagtatapos rito. Habang nagtatrabaho ay patulo din ang mga pakikipagpulong nila sa mga maapektuhan ng proyekto at kung may puputulin na puno ay kasama ito sa programa nila na mayroong 1:100 *ratio* at kailangang ikuha ng *cutting permit* sa DENR. Ipinagbigay-alam din niya kay OIC, PENR Officer Diaz na may bagong Department Administrative Order (DAO) ang DPWH tungkol sa *construction of flood control* na Every Php. 5,000,000.00 *cost of project for* 2023 ay papalitan ito ng 1000 *trees* at obligadong isama sa program ng kontraktor kung kaya makikipag-ugnayan ang DPWH sa DENR kung saan ito pupwedeng ipatanim. Para sa kaalaman ng lahat, sinabi din niyang mayroong mga *project* kuing minsan na kahit gustuhin man nilang mapaganda at ibigay ang *best* ay hindi nila magawa napakalimitado lamang ng pondong ibinibigay. *After* ilang taon ay sira na ito kung kaya't maganda aniya iyong pagkakataon ngayon dahil malaki ang pondo nito kung kaya mai-*implement* ng maayos ang naturang proyekto.

Naitanong din ni Gng. Manggol kung gaano kalayo ang *distance* ng *project* doon sa *protected area.* Bilang tugon, sinabi ni Engr. Decena na malayo na ito sa *protected area.* Hangga't maaari aniya ay paabutin at buhayin ang isang *road network* upang ma-*satisfy* ang titulo at ang allotment ng project.

Iminungkahi naman ni MENRO Melvin M. Vitto na sa susunod na presentasyon ng DPWH para ma-*appreciate* ng lahat ay mailagay kung alin ang *protected area, critical facilities* at ang *proposed project* at ang mga dadaanan nito. Mahirap umanong mag-*decide* dito at kahit anong paliwanag pa ang gawin ng presentor ay hindi ito madaling maiintindihan. Pero kung ito ay naka-*project* sa mapa at may *shapefile* na nakapasok ang lahat ng *concern* ay maganda ang pag-uusapan. Ayon pa sa kanya, ang sinasabing *diversion during actual construction* ng DPWH ay kung minsan ay hindi rin ito nangyayari dahil maaari aniyang sabihin na *"no choice"* at kulang ang pondo at sa puntong ito ay talo na agad ang kalikasan. Mas maganda aniya na sa susunod na pagpupulong ay nakalagay lahat ng *proposed project,* mga *critical areas* at *infrastructures* at iba pang *concern* ng barangay na nakapaloob dito.

Humingi naman ng pasensya si Engr. Decena sapagkat *late* na umano nilang natanggap ang *notice of meeting* kahapon kung kaya't pinahabol lamang nila iyong *alignment* para mailapat ang pinakang plano.

Naitanong naman ni MPDC Eugenia DL. Cuzado kung gaano kalayo ang binabanggit ni Engr. Decena at kung sobrang layo na ito ay hindi na kailangan ang *approval* ng PAMB dahil hindi na ito saklaw ng *protected area.*

Ayon naman kay Engr. Decena, hindi umano ito sobrang layo sa *protected area* dahil humingi sila ng *limit* o *buffer zone* sa DENR na may habang 40 *meters* mula sa hangganan ng MWS. Wala din umano siyang nabanggit na hihingi ng *clearance* sa PAMB dahil wala naman silang tinamaan na PA.

Nilinaw naman ni OIC, PENR Officer Diaz na *the reason why* DPWH *is presenting this* dahil ang unang hakbang nilang ginawa ay lumapit sa DENR *specifically* sa PENRO dahil ito ang may *jurisdiction* sa *protected area.* Ang naging mungkahi nila dahil *originally as presented earlier*, ang tatamaan ng proyekto ay sa loob ng PA kung kaya ang naging *suggestion* ng DENR sa DPWH ay kailangan nilang mag-*secure* ng *clearance* sa PAMB kaya may PAMB. *But, correct* ka Mam Eugene dahil kung binabago na nila ang plano ay hindi na rin magiging *requiremen*t ang PAMB *Clearance.* Kaya Engr. Decena ang nakikita ko, kapag may *final plan* kayo ay ire-*visit* yan at tingnan talaga kung hindi *affected* ang loob ng *protected area. But then,* pag-*adjacent* din kasi ay may *impact* pa rin kaya kahit papaano ay napakahalaga pa rin talaga ng konsultasyon *and I really appreciate the* DPWH, dahil kahit doon sa mga ibang kalsada nila, pag hindi namin pinayagang putulin ang puno ay inililihis nila ang daraanan ng kalsada. *For example,* iyong sa Balanacan, Mogpog kung kaya nakatayo pa rin doon ang puno ng Dao dahil hindi ito inisyuhan ng *permit* ng DENR. Ang ginawa nila ay nire-*design* nila at inilagay sa gitna ng kalsada. Natutuwa din umano sila na naisalba ang puno pero itong mga mamamayan naman ay bigla naman silang binatikos dahil *prone* daw ito sa *accident.* Iyon naman aniya ang nangyayari sa ating probinsya, ang sinasabi ko lamang

ay huwag nilang masamain na naisalba iyong isang puno doon. Ang DPWH daw at DENR ay naglagay ng *prone to accident.* Magre-*react* ang PAMB kung maaapektuhan ang MWS, pero *as long as* mayroong *mitigating measures* ay maha-*harmonized* naman siguro ang plano at *development* sa ating kapaligiran.

Ito aniya ang rason kung bakit iminungkahi niya sa kinatawan ng DPWH na i-overlay sa mapa upang makita ng mas maayos sa susunod ayon pa kay MENRO Vitto.

Sinabi naman ni Engr. Decena na hindi nila alam na magkakaroon pala ng presentasyon at ang akala lamang nila ay may itatanong lamang sa kanila na mga *concern.*

Sa bahagi naman ng Boac, sinabi ni G. Romeo Davalos na tatawid ang proyekto ng ilog, sa Barangay Bantay, Dili, Mainit na sa madaling sabi ay ilog at tulay ang kailangan. Ayon sa kanya ay 200 meters na *bridge that cost 200 million.* Bakit aniya maglalagay pa ng tulay doon kung pupwede namang dumaan sa kabila. Ang halagang 200 milyon ay maaari aniyang gamitin sa *improvement* ng dating kalsada at sigurado itong kalsadang ito pagdaan ng mga *heavy equipment* ay mawawasak at masisira. Maraming matutuwa partikular sa Ilaya *District II from* Tampus-Daig to Mainit saka aakyat sa Balagbag kaysa gagawa pa ng tulay.

Bilang sagot, sinabi ni Engr. Decena na ang tulay na nabanggit niya ay wala pa itong proyekto sa Balagbag *project* ay kasama na at inuulit taon-taon na i-*request* ng *Regional Development Council (RDC) which is* isa ang munisipyo ng Boac na kailangan ng tulay sa Barangay Dili. Napakalayo aniya kung diyan dadaan sa kabila. Ayon pa sa kanila, noong lumabas ang Balagbag *Project*, kapag nailagay ang dalawang *project* na iyan ay siguro mabibigyan na ng pagkaktaon na mabigyan ng pondo ang matagal ng hinihiling na tulay dahil *connected* na ito sa *National road* papunta sa isang *project* dahil kinokonsider itong *gap.* Ang gobyerno ayon kay Engr. Decena ay kailangan ang *continuity* ng *project* at may *prioritization* kaysa sa tulay lamang ang ilalagay don. Hindi umano ito galing sa kanila bagkus ay sa RDC *endorsemen*t na bahagi rin ng LGU.

Sinabi rin ni G. Davalos na kung ang ikokonsider ay ang *calamity* ay makakarating umano ng bayan ng Boac kahit wala pa ang tulay. Maayos na umano ang kalsada rito kaya ang 200 milyon ay mas mainam gamitin sa kabila *since national road* na ito at maayos na naka-*establish* ang kalsada.

Nilinaw muli ni Engr. Decena na nandoon sila upang ilahad kung ano iyong napondohan at kung paano ipatutupad ng departamento nila ang proyekto. Kung may naiisip kayo bakit hindi pa pondohan ari ay nasa posisyon po ba tayo para mapondohan iyong tinutukoy ninyo. Nasaan ang *proposal regarding* sa mga *project* na yan. Ang tinutukoy umano niyang 200 milyon ay wala pa sa kasalukuyan at bahagi ito ng *future development* at kahihinatnan ng proyekto kapag nagawa ang proyektong nauna niyang ipinaliwanag. Lilitaw umano itong problema kapag nagawa na ang inilahad niyang *project.* Dapat aniyang may pinupuntahan ang *project* at ang layunin ng *proponent* na mapasyalan ang taas ng Balagbag dahil nakita sa *aerial view* ang napakagandang *features* nito.

Nilinaw naman ni Dr. Doreen R. Mascareňas na ang *concern* lamang ng PAMB ay kung nasa loob ng *protected area* ang gagawing *development* at upang malaman ito ay iminungkahi niya sa kapulungan na ito na mayroong kinatawan ang PAMO na kasama ng DPWH sa pagre-*visit* ng lugar na paglalagyan ng proyekto. Sa susunod aniyang pagpupulong ng PAMB ay mailahad kung may sakop ba ng PA. Sana ay naibigay din sa PAMO ang mga *coordinates* upang mai-*overlay* ito sa mapa *since development project* ito.

Nilinaw din ni Engr. Decena na naimbitahan lamang sila dahil may *involvement* ang DPWH. Nagpresent lamang umano siya para hindi magulat ang bawat isa kung bakit nagkaroon ng ganoong proyekto.

Sa isang banda ng pagpupulong ay hiniling din ni PENR Officer Imelda M. Diaz sa kinatawan ng DPWH na magbigay ng *update* tungkol sa panukalang *Farm to Market Road* sa barangay Tumagabok, Boac.

Bilang tugon, sinabi ni Engr. Decena na ang tinutukoy na proyekto ni PENR Officer Diaz ay ang *"Completion of Access Road leading to MWS"* na matatagpuan sa barangay Tumagabok, Boac. Ito aniya ang pinakang *access point* kung magtutungo sa MWS na dumadaan sa mga palayan at mayroon ng halos dalawang metrong kalsada. Sa taon din ito ay lumabas na ang pondo para sa proyektong ito na nagkakahalaga ng Php. 4,000,000.00. Gayon man, nagkaroon sila ng problema sa implementasyon nito sapagkat ang lugar na paglalagyan nito ay mga pribadong lupa. Sinabi din niyang nakailang ulit silang mag-*survey* rito at ang pinakahuli ay sinamahan na sila ng mga pulis sapagkat may *resistance* iyong mga tao. Idinagdag pa niya na ang hinihiling nila sa mga tao ay 4 *meters* na lawak ng kalsada para kung pupunta ng MWS ay makakatuloy na ang sasakyan hanggang sa entrada ng MWS. Ang pondong nakatalaga para sa proyektong ito ay papaso na sa December 31, 2022 kung kaya kailangan na talaga itong maisakatuparan. Kaugnay nito, buwan pa ng Setyembre ay talagang pinipilit nilang mai-*program* at maisalang ito sa *bidding*. Para sa *latest* na estado nito, sinabi niyang *for expropriation* na ito na gagawin sana ng Barangay na suportado ng Pamahalaang Panlalawigan, pero base kay Kgg. Lorna M. Jimena ay hindi sila gagawa ng hakbang para sa *expropriation* ng lugar kaya ang Sangguniang panlalawigan na ang gagawa nito. Sa panig nila bilang implementor ng proyekto, inulit niyang papaso na ang pondo nito kung hindi ito maipapa-*obligate*. Sa kasalukuyan, ipinagbigay-alam niya sa kapulungan na naka-post na ito at kung mai-Bid na ay *short of award* ang gagawin habang hinihintay nila ang aksyon ng probinsya sapagkat sayang ang pondo.

Hiniling din ni OIC-PENR Officer Diaz ang panig ni Kgg. Jimena kaugnay ng pinag-uusapang panukalang proyekto.

Ayon kay Kgg. Jimena, base sa pakikipag-ugnayan niya sa probinsya, ang barangay ang gagawa ng hakbang para sa *expropriation.* Gumawa din umano sila ng resolusyon at ipinasa Sanggunian ang bato upang sila na ang gumawa ng mga legal na hakbang para dito. Ayon pa sa kanya, kung ano raw ang unang naging desisyon ng mga tao mula sa umpisa ay kanila itong paninindigan. Base din umano sa ibinigay ng DPWH na *draft resolution* at *ordinance* ay naka-*indicate* na silang taga-barangay ang magkakaso sa mga taong ayaw pumayag sa proyekto.

Nagbigay muli ng reaksyon si OIC-PENR Officer Diaz hinggil sa naging paliwanag ni Kgg. Jimena. Nilinaw din niyang ang proseso ng *expropriation* ay hindi pagkakaso sa mga tao at ang ibig sabihin lamang nito kapag mayroong ini-*introduce* na proyekto ang gobyerno *wether private land* ito ay ini-*expropriate*. Ibig sabihin po, itutuloy iyong proyekto at ang mga tatamaan ay iko-*compensate* ang may-ari. Hindi aniya kakasuhan ang mga indibidwal na pribadong mamamayan dahil sila ay may karapatan lalo na kung titulado ang lupang kanilang inuukupahan. Idinagdag din niyang doon sa mga parsela ng lupa na tatamaan ng kalsadang gagawin ng DPWH, iyong iba doon ay pasok sa *public land* kung kaya't ito'y pag-aari pa rin ng gobyerno. Ang tinutukoy niya aniya dito ay iyong buffer zone ng *protected area* na may sukat na 40 *meters* kung kaya't posibleng hindi iyong *claimant* ang kakausapin rito. Subalit sa mga lehitimong *claimant* ay ito ang aaayusin ng gobyerno dahil meron talaga silang karapatan sa lupa. Nilinaw din niya na ang proyekto ay hindi lamang para sa opisina ng PAMO, ang intensyon ng kalsada ay maserbisyuhan iyong komunidad *beyond the road.*

Para sa kaalaman ng lahat, sinabi niyang noong una ay gusto ng mga tao na magkaroon ng kalsada sa lugar pero hindi ito napaglalaanan ng pondo. Sa kasalukuyan na mayroon na itong pondo ay nanghihinayang siya kung magla-*lapse* lamang ito.

Ganap ng ika-1:00 ng hapon ng imungkahi ng Tagapangulo na pansamantalang itigil muna ang pagpupulong upang bigyang daan ang pananghalian. Ang kapulungan ay muling bumalik sa pagpupulong sa ganap na ika-1:30 ng hapon.

Sa pagpapatuloy ng pagpupulong, hiniling ng Tagapangulo sa kinatawaan ng DPWH na makahingi ng kopya ng *layout plan* na mayroong *specific details* kung *affected* ang mga *protected area* sa mga barangay na nasasakupan ng MWS.

**F. <u>Iba pang paksang pinag-usapan *(Other matters)*</u>**

***a.* Pagpapatipay ng PAMB para sa Proposed Work and Financial Plan ng PAMO para sa taong 2023**

Naitanong naman ni MENRO Melvin M. Vitto sa Tagapangulo kung ipinagbibigay-alam lamang ba ni PASu Emeterio M. Recto sa kapulungan kung ano ang magiging plano ng PAMO para sa taong 2023. Ayon pa sa kanya, sa mga *Local Government Unit (LGU)* ay sa unang kwarter nagpo-propose ng mga proyekto at plano at sa huling kwarter naman ginagawa ang *prioritization.*

Dahil dito, nagkaroon ng paglilinaw ang Tagapangulo kay PASu Recto kung mayroon na ba itong kaukulang pondo at kung napagtibay na ito. Nilinaw naman ni PASu Recto na ang nasabing *Proposed Work and Financial Plan* ng PAMO para sa taong 2023 ay mayroon ng *allotment.*

Naitanong din ng Tagapangulo kay PASu Recto kung papaano sila nag-*come-up* sa isang plano nang hindi kinokonsulta ang PAMB. Ayon naman kay PASu Recto, mayroong *instruction* sa kanila buhat sa *Regional Office* na gumawa ng proposal para sa susunod na taon at iyon ang nabuo ng PAMO.

Sinang-ayunan naman ito ng Tagapangulo at sinabing gampanin ito ni PASu Recto kasunod ang kahilingan niyang dapat itong idaan sa *board* upang malaman din ng PAMB kung ano iyong mga programa ng PAMO para sa susunod na taon. Sinabi pa niyang kasama dito ang PAMB at sila ang magpapatibay o magbibigay ng *clearance to go on with the proposed projects.*

Naitanong din ni Dr. Doreen R. Mascareňas kung nakabase ba sa Protected Area Management Plan (PAMP) ng MWS ang inilahad na proposal ni PASu Recto upang makita kung umuusad ba at naisasagawa ang mga proposal na nakapaloob sa plano. Dahil dito, hiniling din niya na mailahad ni PASu Recto sa *tabulated form* kung ano ang mga planong nasa PAMP *versus target activities.* Kaugnay pa rin nito, hiniling din niya na sa susunod na paglalahad ng *accomplishment report* ay makita sana kung alin ang mga na-*accomlpish* na proyekto na nakapaloob sa *management plan.*

Sinang-ayunan naman ito ng Tagapangulo at sinabing mabuting makita kung alin iyong mga nagastos at hindi pa nagagastos na pondo upang malaman kung ano na ang nangyayari sa protected area at kung anu-ano pa ang mga maaaring iprograma sa susunod na taon.

Nilinaw naman ni PASu Recto na ang naturang mga programa ay naaayon naman sa *management plan* dahil tinitingnan din ito ng DENR *Regional Office* at Biodivesity Management Bureau (BMB) ang mga planong isasagawa ng PAMO na nakabatay rin sa Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS) Act. Hinalimbawa niya ang proyektong damarkasyon ng hangganan ng protected area na bahagi ng MWS *management plan.* Nangako din siyang ita-*tabulate* ang mga impormasyon at datos na ilalahad sa susunod na reporting sa naging *accomplishment* ng PAMO.

Nilinaw naman ni PENR Officer Diaz na hindi lahat ng activities ng PAMO ay dumadaan sa *review* ng PAMB dahil ang PAMO ay parang *extension* lang din ng opisina ng DENR *although* may malaki itong gampanin sa PAMB dahil sila iyong sekretyaryat.

Ipinaliwanag naman ni PENR Officer Diaz na pagdating sa *funding* at mga *plans and programs* ay mayroong isang opisina o ang BMB sa ilalim ng DENR na sila ang nagde-*determine* ng mga *activities.* Sa kanyang halimbawa, sinabi niyang lahat ng mga *legislated protected area nationwide* ay kailangang i-*demarcate* ang hangganan ng nito kung kaya pinondohan ng DENR ang proyektong ito at ipinatupad.

Para naman sa naging katanungan ni Dr. Mascareñas ay pinukaw niya ang atensyon ni PASu at sinabing *valid* ang naging katanungan. Idinagdag pa niya na dahil may PAMP ang MWS ay ito sana ang palaging gamiting reference ni PASu Recto upang matiyak kung nasan na ba tayo doon sa nakapaloob na *activities* rito. Anu-ano ba ang mga gawaing natapos at kung ano ang mga bago ang siyang pinupunto ni Dr. Mascareñas. Iminungkahi din niyang sa susunod na presentasyon ni PASu Recto ay ipakita nito iyong mga proyektong plinano versus mga naisagawa na at kung ano pa iyong mga isasagawa pa. idinagdag pa niyang magiging *idependent eventually* ang PAMO at magkakaroon ito ng hiwalay na pondo na hindi siya naka-*anchor* sa PENR Office.

Sa pagtatapos ng usapin, sinabi ni Engr. Eugenia DL. Cruzado na naipaliwanag naman ni PASu Recto na nakapaloob sa MWS-PAMP iyong mga plano para sa taong 2023 kung kaya malugod din niyang iminungkahi na magpasa ng resolusyon ang PAMB na pinagtitibay at ina-adopt ang proposed PAMO programs/project/activities for CY 2023 na pinangalawahan ni G. Romeo Davalos.

***b. Planting of Trees along demarcated corners of Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS)***

Sa pagsisimula ni PENR Officer Imelda M. Diaz sinabi niyang hindi naman lingid sa kaalaman ng kapulungan na nagkaroon ng *demarcation of PA boundary* at silang *additional initiative* dito at ito ay ang pagtatanim ng mga punongkahoy *along the boundary of protected area.* Sa kanyang pagpapatuloy ay sinabi niyang makikipag-ugnayan sa mga barangay ang mga tauhan ng PAMO para sa proyektong ito. Ang proyekton ito ay dati ng ginagawa ng DENR at makakalikha ito ng trabaho sa mga PA communities at stakeholders. Ayon pa sa kanya, ang barangay ay magrerekomenda ng mga taong pagtatrabahuhin sa nasabing proyekto na sa inisyal na plano ay sampong tao sa bawat barangay. *Initially* ay kasama sa proyekto ang mga Barangay ng Tambunan, Duyay, Canat, Boi at Tugos, Boac; sa Bayan naman ng Buenavista ay Malbog, Sihi at Bagtingon; Sa Gasan naman ay Antipolo; sa Torrijos naman ay Sibuyao, Nangka, at Malibago at sa Santa Cruz ay ang barangay ng Makulapnit ang *involved* sa proyekto. Nilinaw din niyang ang itatanim ay Narra at iba pang namumulaklak na puno.

Nagbigay naman ng reaksyon ang Tagapangulo at sinabing mayroon siyang napupuna tungkol proyektong tree planting. Sinabi niyang dapat munang magkaroon ng *soil analysis* sapagkat sa Bayan ng Gasan partikular sa mga barangay ng Antipolo at Tiguion ay ang nais niyang maipatanim sa lugar ay kung kung ano iyong *specific* na pwedeng ilagay at akma sa lupa upang ng sa ganun ay hindi umano paulit-ulit sa pagtatanim. Napupuna din umano niya na nagkakaroon ng ganitong proyekto subalit hindi naman nababantayan at naaalagaan. Dahil dito, iminungkahi din niyang magkaroon sana ng *maintenance* ang proyekto upang magkaroon ng magtitingin kahit sabihing sa ilalim ng Tanggapan ng DENR o ng LGU. Sinabi din niyang mayroon sanang koordinasyon sa LGU at may nag-i-*inspect* pa rin mula sa DENR upang matiyak ang kinahinatnan ng proyekto upang hindi umano bigay ng bigay ang DENR at tanim ng tanim ang LGU.

Para naman sa kaalaman ng Tagapangulo, sinabi ni OIC-PENR Officer Diaz na kapag nagpapatanim ang DENR ay nandoon din ang mga Staff nila at hindi nila ito ipinagwawalang bahala. Ayon pa sa kanya, may dalawang klase o uri ng pagpapatanim at una rito ay may proyekto talaga ang DENR o ang tinatawag na National Greening Program (NGP) kung saan mayroong kontraktor ang barangay na involved na usually ay mga registered People's Organization (PO). Nilinaw din niyang hindi nila ito binabayaran kung hindi makapasa ang kontraktor sa itinakdang *survival rate.* Sinabi din niyang baka ang tinutukoy naman ng Tagapangulo ay ang nakikita niyang kaliwa't kanang *tree planting activities* ay iyong *initiative* ng mga grupo gaya ng sa Philippine National Police (PNP). Ang DENR ang nagbibigay sa kanila ng mga punong itatanim at sila rin ang nagrerekomenda ng lugar na pagtataniman. Tungkol naman sa *soil analysis*, sinabi niyang alam nila kung anong uri ng mga puno ang angkop na itanim sa isang *particular area* dahil sa site identification pa lang sa proyektong NGP ay mayroon ng *soil analysis.* Bukod pa rito, ang iminumungkahi nilang itanim ay mga endemic species ng puno. *As to maintenance* ng mga punong naitanim, malaking isyu talaga ito ayon kay PENRO Aymeeh kung kaya hinihikayat nila ang

mga *local officials* partikular ang mga kapitan na pakialagaan na rin ito bilang kontribusyon. Sa proyektong NGP naman ay mayroon talaga itong 3-*years maintenance and protection.*

Sa pagtatapos ng usapin ay sinamantala ni Dr. Mascareňas ang pagkakataon upang ipaalam sa Tagapangulo na si Vice-Mayor Lidany A. Baldo na sana noong una pa mang naitatag ang *protected area* ay mayroong designated Bantay-Gubat ang bawat munisipyo na saklaw nito. Ayon pa sa kanya, ang nakapagpatuloy lamang na mag-commit dito ay ang munisipyo ng Sta Cruz pero supposedly ay bawat munisipyong nasasakop ng MWS ay sana ay may nae-*employ* na magbabantay sa naasasakupan ng protected area o MWS. Kaugnay nito, hiniling niya sa Tagapangulo na sana ang munisipyo ng Gasan ay makapagtalaga din ng Bantay-Gubat. Nangako naman ang Tagapangulo na io-*open up* niya ito kay Mayor Rolando O. Tolentino. Idinagdag pa niya na sa mga Barangay ng Gasan ay maraming *extraction activites* partkular ng Sahing *(Forest Product)* mula sa mga puno ng Pili na baka pagdating ng panahon ay maubos na ito.

**G. <u>Pagtatakda ng araw at lugar ng sunod na pagpupulong</u>**

Hindi nagkaroon ng pagtatakda ng araw at petsa ng susunod na regular na pagpupulong ng MWS-PAMB kung kaya't ito ay iniaatas na lamang ng Tagapangulo sa Kalihim ng PAMB.

**H. <u>Pagtitindig sa pagpupulong</u>**

Ang pagpupulong ay itinindig ng Tagapangulo sa ganap na ika-1:55 ng hapon na sinang-ayunan ng nakararami.

Bago ang pansamantalang paghihiwalay ng mga nagsipagdalo sa pagpupulong ay nagkaroon ng pamamahagi ng tumbler na pinangunahan ni PENR Officer Imelda M. Diaz.

\Inihanda ni:

**EMETERIO M. RECTO**
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB

Pinatotohanan ni:

**KGG. LIDANY A. BALDO**
Vice-Mayor, Gasan, Marinduque
(Pansamantalang Tagapangulo

Pinagtibay:

**LORMELYN E. CLAUDIO,** *CESO IV*
Regional Executive Director, DENR MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB-M\WS

**KATITIKAN NG IKAAPAT AT HULING REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (*PAMB*) EN BANC NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA–13 NG DISYEMBRE, 2022 SA PENRO CONFERENCE HALL, CAPITOL COMPOUND, BANGBANGALON, BOAC, MARINDUQUE**

| PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|
| **MGA DUMALO:** | |
| 1. Kgg. Lidany A. Baldo | Vice-Mayor, Gasan, Marinduqe *(Presiding Officer)* |
| 2. For. Imelda M. Diaz | OIC-PENR Officer, PENRO Marinduque *(Rep.)* |
| 3. G. Joan L. Mercene | District Staff, House of Representatives *(Rep.)* |
| 4. Dante L. De Luna | Economist II, PG-ENR Officer *(Rep. of Gov. Presbitero J. Velasco)* |
| 5. G. Melvin M. Vitto | MENRO, LGU-Buenavista *(Representative)* |
| 6. Engr. Eugenia DL. Cruzado | MPDC, LGU-Torrijos *(Permanent Alternate)* |
| 7. Kgg. Enrique P. Landig | Punong Barangay, Balagasan, Boac |
| 8. Kgg. Rolando P. Sapallo | Punong Barangay, Duyay, Boac |
| 9. Kgg. Reynaldo P. Lingon | Punong Barangay, Hinapulan, Boac |
| 10. Kgg. Benjamin M. Larga | Punong Barangay, Tugos, Boac |
| 11. Kgg. Lorna M. Jimena | Punong Barangay, Tumagabok, Boac |
| 12. Kgg. Restituto L. Pabalat | Punong Barangay, Malbog, Buenavista |
| 13. Kgg. Dante M. Marinduque | Punong Barangay, Sihi, Buenavista |
| 14. Kgg. Delfin R. Fellizar | Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz |
| 15. Kgg. Teodoro R. Ramos | Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz |
| 16. Kgg. Sabino R. Rojo | Punong Barangay, Malibago, Torrijos |
| 17. Kgg. Reden G. Fidelino | Punong Barangay, Sibuyao, Torrijos |
| 18. Kgg. Fidel Osmillo, Jr. | Barangay Kagawad, Bayuti, Boac *(Rep.)* |
| 19. Kgg. Lito M. Montiano | Barangay Kagawad, Binunga, Boac *(Rep.)* |
| 20. Kgg. Mylin N. Opis | Barangay Kagawad, Tambunan, Boac *(Rep.)* |
| 21. Kgg. Edsel M. Basco | Barangay Kagawad, Tabionan, Gasan *(Rep.)* |
| 22. Kgg. Alejandro Napigkit | Barangay Kagawad, Antipolo, Gasan *(Rep.)* |
| 23. Dr. Doreen R. Mascareñas | Assoc. Professor III, MSC (Academe) |
| 24. Gng. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC (NGO) |
| 25. G. Romeo M. Davalos | SWMPO, LGU-Boac *(Representative)* |
| 26. PLTCOL Elmer L. Manalo | C, PCADU, PCO, Marinduque PPO *(Rep.)* |
| **MGA HINDI DUMALO:** | |
| 1. Kgg. Marisa R. Red | Punong Bayan, Santa Cruz, Marinduque |
| 2. Kgg. Crisostromo N. Monterey | Punong Barangay, Boi, Boac |
| 3. Kgg. Alex N. Montiano | Punong Barangay, Canat, Boac |
| 4. Kgg. Mario C. Francisco II | Punong Barangay, Bagtingon, Buenavista |
| 5. Kgg. Jose O. Sapungan | Punong Barangay, Tiguion, Gasan |
| 6. Kgg. Aristeo R. Rodil | Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz |
| 7. Kgg. Bernardo P. Pastoral | Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz |

| | | |
|---|---|---|
| 8. | Kgg. Jessie R. Peralta | Punong Barangay, Nangka, Torrijos |
| 9. | PD Bernardo T. Caringal | Prov'l Science & Technology Director, DOST |
| 10. | G. Rolinio S. Sajul | Chairman, Malbog Upland Farmer's Assoc. (PO) |
| 11. | G. Gerardo M. Jamilla | Sr. Tourism Operations Officer, DOT Marinduque |

## RESOLUSYON BILANG 2022-008

**"RESOLUSYON UPANG KILALANIN AT PAGTIBAYIN NG KAPULUNGAN O PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) ANG PROPOSED WORK AND FINANCIAL PLAN NG PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE (PAMO) PARA SA TAONG 2023**

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) na may dalawang (2) parsela at kabuuang sukat na humigit kumulang 9,758.71 ektarya ay naideklara bilang isang pinangangalagaang pook (protected area) ayon sa Republic Act 7586 o ang National Integrated Protected Area System Act (NIPAS Act of 1992) na inamyendahan ng bagong batas na Republic Act 11038 o ang Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS Act of 2018);

***SAPAGKAT,*** ang pangunahing layunin ng Protected Area Management Board (PAMB) ay mapangalagaan ang samu't-saring buhay na matatagpuan sa nasasakupan ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) sa pamamagitan ng likas-kayang pag-unlad tungo sa pangmatagalang kapakinabangan;

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary na naideklarang protected area ay pinangangasiwaan ng Protected Area Management Board (PAMB) at Protected Area Management Office (PAMO) sa pangunguna at gabay ng Protected Area Superintendent (PASu) at Kalihim ng PAMB;

***SAPAGKAT,*** sa bawat taon ang Protected Area Management Office (PAMO) ay mayroong nakalatag na planong nakapaloob sa Work and Financial Plan (WFP) at Implementation Plan tungkol sa patuloy na pangangasiwa at pamamahala ng protected area o ang Marinduque Wildlife Sanctuary;

***SAPAGKAT,*** bahagi ng gampanin ng PASu sa PAMB ang pag-uulat at paglalatag ng mga plano o programa para sa patuloy ay epektibong pamamahala sa pinangangalagaang pook;

***SAPAGKAT,*** matapos ang kaukulang paglalahad ng PASu ay napag-alaman at naging maliwanag sa kapulungan o PAMB ang mga panukalang proyekto o programa na ipatutupad sa MWS na kanyang panunungunahan;

**DAHIL DITO,** iminungkahi ni Engr. Eugenia DL. Cruzado na suportahan at pagtibayin ng PAMB sa pamamagitan ng resolusyon ang inilahad na **"Proposed Work & Financial Plan"** ni PASu Emeterio M. Recto para sa taong 2023 na pinangalawahan ni G. Romeo Davalos.

Pinagtibay ngayong ika-13 ng Disyembre, 2022 sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound Barangay Bangbangalon, Boac, Marinduque.

Inihanda:

**EMETERIO M. RECTO**
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB

Patotoo:

**KGG. LIDANY A. BALDO**
Vice-Mayor, Gasan, Marinduque
(Pansamantalang Tagapangulo)

Pinagtibay:

**LORMELYN E. CLAUDIO** *CESO IV*
Regional Executive Director, DENR-MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB